

Ang Pagpapabakuna ng COVID-19 sa King County



Ang mga bakunang COVID-19 ay walang bayad at makukuha hindi alintana ang segurong pangkalusugan, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon.



Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangkalusugan kung ilang dosis ang kailangan mo. Upang maging ganap na mabakunahan, ang mga bakunang Moderna at Pfizer ay nangangailangan ng dalawang dosis sa pagitan ng tatlo hanggang apat na linggo, habang ang Johnson at Johnson ay nangangailangan lamang ng isang dosis. Ang mga taong nasa mas mataas na panganib ay maaari ding makakuha ng karagdagang booster na dosis.



Ang mga bakunang COVID-19 ay ligtas at labis na epektibo. Lahat ng mga bakunang COVID-19 ay dapat na lubos na masubok at magdaan sa mahigpit na pagsusuri bago sila magamit. Pinatunayan ng mga independiyenteng ekspertong pangkalusugan na nakamit ng mga ito ang pamantayan ng mataas na kalidad ng pagiging ligtas at epektibo.



Maaari kang makaramdan ng mga hindi magandang epekto (side effects). Gaya ng mga karaniwang mga bakuna, maaari kang magkaroon ng pananakit ng braso, lagnat, sakit ng ulo, o pagkapagod pagkatapos mabakunahan. Ito ang mga palatandaan na ang resistensiya ng iyong katawan ay bumubuo ng proteksyon.

Alamin kung ano ang maaari mong gawin pagkatapos mabakunahan. Kapag ikaw ay ganap nang nabakunahan, maaari kang:

- Bumisita sa loob ng bahay kasama ng iba pang mga taong ganap na nabakunahan na walang maskara (maliban ang mga madla at pampublikong espasyo)
- Magbiyahe nang hindi masuri para sa COVID

Ngunit natututo pa rin tayo kung gaano kahusay na pinipigilan ng bakuna ang pagkalat ng COVID-19. Iwasan ang mga malalaking pagtitipon. Magsuot ng mga maskara at panatilihin ang paglayo ng anim na talampakan (dalawang metro) kapag kasama mo ang mga hindi nabakunahang tao na nasa panganib. Matuto nang higit pa:

[KingCounty.gov/aftervaccine/tagalog](https://www.kingcounty.gov/aftervaccine/tagalog)

PAANO MABABAKUNAHAN

Ang sinumang may edad na 5 taong-gulang at pataas ay karapat-dapat para sa pagbabakuna. Kung ikaw ay may edad 5-17, maaari ka lamang makakuha ng bakunang Pfizer.

Mga pagpipilian para sa pagpapa-iskedyul:

- 1) **Pumili ng isang lugar ng King County mula sa aming listahan. Maraming mga lugar ang hindi nangangailangan ng appointment!** Pumunta sa kingcounty.gov/vaccine (website sa Ingles lamang) o gamitin ang kamera ng iyong smart phone upang i-scan ang QR code na ito:



- 2) Maghanap ng parmasya o ibang lokasyon gamit ang **Tagahanap ng Bakuna (Vaccine Locator)** ng Estado ng Washington (pumili ng wika sa itaas-na-kanang sulok na drop-down menu): VaccineLocator.doh.wa.gov (website sa Ingles lamang)
- 3) **Kailangan mo ng tulong para makipag-appointment sa pagbabakuna gamit ang telepono?** Tumawag sa Sentrong Tawagan ng COVID-19 ng King County sa anumang araw sa pagitan ng alas 8:00 ng umaga hanggang alas 7:00 ng hapon sa 206-477-3977. Magagamit ang mga tagapagsalin – sabihin ang wikang kailangan mo kapag nakakonekta ka na.

Para sa karagdagang impormasyon: kingcounty.gov/vaccine (website sa Ingles lamang)

TRANSPORTASYON SA IYONG APPOINTMENT SA PAGBABAKUNA

- Para sa tulong sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang Linya ng Tulong ng Koordinadong Pangbakunang Transportasyon (Coordinated Vaccine Transportation Helpline) sa **425-943-6706 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng alas 8:30 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon. I-dial ang 5 para sa interpretasyon.** Maaari ka ring mag-iwan ng isang voicemail at matawagang muli. Tumawag nang hindi bababa sa 60 minuto bago mo kailanganin ang pagsakay.
- Upang humiling ng transportasyon para sa maraming tao, mangyaring bisitahin: bit.ly/vaxride (website sa Ingles lamang)
- Upang malaman ang tungkol sa mga pagpipilian sa transportasyon, kabilang ang para sa mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, mga tumatanggap ng Medicaid, at mga beterano bisitahin: FindARide.org/COVID (website sa Ingles lamang)